

MGA KARAPATAN NG PASYENTE

May karapatan kang:

1. Mabigyan ng may konsiderasyon at magalang na pangangalaga, at maging komportable. Karapatan mong igalang ng iba ang iyong mga pangkultura, psychosocial, espirituwal, at personal na pinahahalagahan, paniniwala, at kagustuhan.
2. Maabisuhan kaagad ang isang miyembro ng pamilya (o iba pang pipiliin mong kinatawan) at ang iyong sariling doktor tungkol sa pagka-admit mo sa ospital.
3. Malaman ang pangalan ng lisensyadong practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na kumikilos sa loob ng saklaw ng kanyang propesyonal na lisensya at may pangunahing responsibilidad na pangasiwaan ang pangangalaga sa iyo, at ang mga pangalan at propesyonal na ugnayan ng mga doktor at hindi doktor na maglilingkod sa iyo.
4. Makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong kalagayan sa kalusugan, diagnosis, prognosis, kurso ng paggamot, mga pagkakataong gumaling, at mga resulta ng pangangalaga (kabilang ang mga hindi inaasahang resulta) sa mga salitang nauunawaan mo. May karapatan kang ma-access ang iyong mga medikal na rekord. Makatanggap ka ng hiwalay na "Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado" na nagpapaliwanag ng iyong mga karapatang i-access ang mga rekord mo. May karapatan ka sa epektibong pakikipag-ugnayan at na makilahok sa pagbuo at pagpapatupad ng plano ng pangangalaga sa iyo. May karapatan kang makilahok sa mga etikal na tanong na aangat sa kurso ng iyong pangangalaga, kabilang ang mga isyu kaugnay ng paglutas ng di-pagkakasundo, pagpigil sa mga serbisyo sa pagpapanumbalik ng malay, at pagtanggì o pagbawi sa paggamot na nagpapanatili ng buhay.
5. Gumawa ng mga desisyon kaugnay ng medikal na pangangalaga, at makatanggap ng lahat ng maaaring impormasyon tungkol sa anumang ipinapanukalang paggamot o procedure kung kailangan mo para makapagbigay ng may kaalamang pahintulot o makatanggi sa isang kurso ng paggamot. Maliban na lang kapag may emergency, kabilang dapat sa impormasyong ito ang paglalarawan ng procedure o paggamot, ang mga nauugnay na medikal na makabuluhang panganib, mga alternatibong kurso ng paggamot o hindi paggamot at ang mga panganib na nauugnay sa bawat isa, at ang pangalan ng taong magsasagawa ng procedure o paggamot.
6. Humiling o tumanggi ng paggamot, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas. Gayunpaman, wala kang karapatang humingi ng hindi naaangkop o hindi medikal na kinakailangang paggamot o mga serbisyo. May karapatan kang umalis sa pangkalusugang pasilidad kahit na taliwas ito sa ipinapayo ng mga miyembro ng medikal na tauhan, hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas.
7. Maabisuhan kung ipapanukala ng pangkalusugang pasilidad/lisensyadong practitioner ng pangangalagang pangkalusugan na kumikilos sa loob ng saklaw ng kanyang propesyonal na lisensya na makilahok sa o magsagawa ng pag-eeksperimento sa tao na nakakaapekto sa iyong pangangalaga o paggamot. May karapatan kang tumangging makilahok sa mga naturang proyekto sa pananaliksik.
8. Makatanggap ng mga makatuwirang tugon sa anumang makatuwirang kahilingang gagawin para sa serbisyo.
9. Makatanggap ng naaangkop na pagtatasa at pamamahala sa iyong pananakit, impormasyon tungkol sa pananakit, mga hakbang sa pagpapawi ng pananakit, at makilahok sa mga pagpapasya tungkol sa pamamahala sa pananakit. Maaari mong hilingin o tanggihang gumamit ng anuman o lahat ng paraan para magpapawi ng pananakit, kabilang ang paggamit ng opiate na gamot, kung nakakaranas ka ng matindi, tuloy-tuloy, at hindi natitiis na pananakit. Maaaring tumanggi ang doktor na ireseta ang opiate na gamot, pero kung gayon man, dapat niyang ipaalam sa iyo na may mga doktor na may espesyalidad sa paggamot sa pananakit gamit ang mga pamamaraang kinabibilangan ng paggamit ng mga opiate.
10. Bumuo ng mga paunang direktiba. Kabilang dito ang pagtatalaga ng tagagawa ng desisyon kung mawalan ka ng kakayahang maunawaan ang isang ipinapanukalang paggamot o maiparating ang mga kagustuhan mo kaugnay ng pangangalaga. Dapat sumunod sa mga direktibang ito ang mga tauhan at practitioner ng pangkalusugang pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga sa pasilidad. Nalalapat ang lahat ng karapatan ng pasyente sa taong may legal na responsibilidad na gumawa ng mga desisyon kaugnay ng medikal na pangangalaga sa ngalan mo. Maaaring maghain ng mga reklamo tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California (tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba).
11. Igalang ang iyong personal na pagkapribado. Kumpidensyal ang pagtatalakay ng kaso, konsultasyon, pagsusuri, at paggamot, at dapat isagawa sa maingat na paraan ang mga ito. May karapatan kang masabihan ng dahilan kung bakit naroon ang sinumang indibidwal. May karapatan kang paalisin ang mga bisita bago ang isang pagsusuri at habang nagtatalakay ng mga problema sa paggamot. Gagamit ng mga kurtina para sa pagkapribado sa mga bahagyang pribadong kuwarto.
12. Mapangasiwaan sa kumpidensyal na paraan ang lahat ng pakikipag-ugnayan at rekord na nauugnay sa pangangalaga sa iyo at sa pananatili mo sa pangkalusugang pasilidad. Makatanggap ka ng hiwalay na "Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado" na detalyadong nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan sa pagkapribado at kung paano namin maaaring gamitin at ipahayag ang iyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan.

13. Makatanggap ng pangangalaga sa ligtas na lugar na walang mental, pisikal, sekswal, o pasalitang pang-aabuso at pagpapabaya, pananamantala, o panliligalig. May karapatang kang maka-access ng mga pamprotekta at pang-adbokasyang serbisyo kabilang ang pag-aabiso sa mga ahensya ng pamahalaan tungkol sa pagpapabaya o pang-aabuso.
14. Hindi makaranas ng anumang anyo ng pagpipigil at paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, pagpapadali ng gawain, o paghihiganti ng tauhan.
15. Mabigyan ng makatuwirang pagpapatuloy ng pangangalaga at malaman nang maaga ang oras at lokasyon ng mga appointment at ang pagkakakilanlan ng mga taong magbibigay ng pangangalaga.
16. Mabigyan ng impormasyon ng doktor, o ng itinalaga ng doktor, tungkol sa mga kinakailangan sa pagpapatuloy ng pangangalagang pangkalusugan at mga opsyon pagkatapos mapalabas sa pangkalusugang pasilidad. May karapatan kang makibahagi sa pagbuo at pagpapatupad ng iyong plano ng pagpapalabas. Kapag hiniling mo, maaaring bigyan din ng impormasyong ito ang isang kaibigan o kapamilya mo.
17. Malaman kung aling mga panuntunan at patakaran ng pangkalusugang pasilidad ang nalalapat sa iyong pag-uugali bilang pasyente.
18. Magtalaga ng taong susuporta sa iyo, at ng mga pipiliin mong bisita, kung may kakayahan kang gumawa ng desisyon, nauugnay man ang bisita bilang kamag-anak, asawa, o nakarehistrong domestic partner, maliban na lang kung: walang pinapayagang bisita; makatuwirang natukoy ng pangkalusugang pasilidad na maisasapanganib ng pagkakaroon ng partikular na bisita ang kalusugan o kaligtasan ng isang pasyente, miyembro ng tauhan ng pangkalusugang pasilidad, o iba pang bisita sa pangkalusugang pasilidad, o magdudulot ito ng makabuluhang abala sa pagpapatakbo ng pangkalusugang pasilidad; sinabi mo sa tauhan ng pangkalusugang pasilidad na ayaw mo nang bumisita ang isang partikular na tao. Gayunpaman, maaaring magtatag ang pangkalusugang pasilidad ng mga makatuwirang paghihigpit kapag may bumibisita, kabilang ang mga paghihigpit sa mga oras ng pagbisita at bilang ng bisita. Kailangang ipaalam sa iyo (o sa taong sumusuporta sa iyo, kapag naaangkop) ng pangkalusugang pasilidad ang iyong mga karapatan sa pagbisita, kabilang ang anumang klinikal na paghihigpit o limitasyon. Hindi pinapayagan ang pangkalusugang pasilidad na paghihigpitan, limitahan, o sa ibang paraan ay tanggihan ang mga pribilehiyo ng pagbisita batay sa lahi, kulay ng balat, pinagmulang bansa, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlan ng gender, sekswal na oryentasyon, o kapansanan.
19. Ipasaalang-alang ang iyong mga kagustuhan kung wala kang kakayahang magpasya, para sa layunin ng pagtukoy kung sino ang maaaring bumisita. Susunod ang paraan ng pagsasaalang-alang na iyon sa pederal na batas at isasaad iyon sa patakaran sa pagbisita ng pangkalusugang pasilidad. Bilang minimum, dapat isama ng pangkalusugang pasilidad ang sinumang taong nakatira sa iyong sambahayan at sinumang taong sumusuporta sa iyo alinsunod sa pederal na batas.
20. Suriin at makatanggap ng paliwanag ng iyong bill anuman ang pinagmumulan ng pagbabayad. Ang database ng Open Payments ay pederal na tool na ginagamit para maghanap ng mga pagbabayad na ginagawa ng mga kompanya ng gamot at device sa mga doktor at nagtuturong ospital. Makikita ito sa openpaymentsdata.cms.gov.
21. Matamasa ang mga karapatang ito nang walang pasasaalang-alang sa, at hindi makaranas ng diskriminasyon batay sa, kasarian, pang-ekonomiyang katayuan, pinag-aralan, lahi, kulay ng balat, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan/ipinapakitang gender, kapansanan, medikal na kondisyon, katayuan sa kasal, edad, katayuan bilang nakarehistrong domestic partner, henetikong impormasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon (maliban kung kinakailangan ng pederal na batas), o pagmumulan ng pagbabayad para sa pangangalaga.
22. Maghain ng karaingan. Kung gusto mong maghain ng karaingan sa pangkalusugang pasilidad na ito, maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Pasyente/Tagapagtaguyod ng Pasyente. Susuriin ang iyong karaingan at bibigyan ka ng nakasulat na tugon. Isasaad ng nakasulat na tugon ang pangalan ng taong maaaring makaugnayan sa pangkalusugang pasilidad, mga hakbang na ginawa para siyasatin ang karaingan, mga resulta ng proseso ng karaingan, at petsa ng pagtatapos ng proseso ng karaingan. Isasangguni rin ang mga alalahanin kaugnay ng kalidad ng pangangalaga o maagang pagpapalabas sa naaangkop na Peer Review Organization (PRO) para sa Paggamit at Pagkontrol ng Kalidad kung naaangkop.
23. Maghain ng reklamo sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California kahit na gagamitin mo o hindi ang proseso ng karaingan ng pangkalusugang pasilidad. Ang numero ng telepono at address ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California ay 800-228-5234, 681 S Parker St., Suite 200 Orange, CA 92868.
24. Maghain ng reklamo sa Departamento ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay sa www.dfeh.ca.gov, 800-884-1684 or 800-700-2320 (TTY) o 2218 Kausen Dr., #100, Elk Grove, CA 95758.